Ebanghelyo ayon kay Mateo 15 : 29 - 31

Malapit sa dalampasigan ng Lawa ng Galilea, umupo si Hesus sa tabi ng burol. Napakaraming tao ang dumating dala-dala ang mga lumpo, pilay, bulag, pipi at marami pang iba. Nilagay sila sa paanan ni Hesus at silang lahat ay pinagaling Niya. Ang lahat ay namangha ng makitang ang pipi ay nakapag-salita, ang lumpo ay umayos ulit, ang pilay ay nakalakad at ang bulag ay nakakita muli. Ang lahat ay nagpuri sa Diyos.

Si Sam ay nagsimulang gumamit ng bawal na gamot sa edad na labing-apat. Anim na beses siyang dinala sa pagamutan ng mga gumagamit ng bawal na gamot. Sa tuwing siya'y hinahayaang lumaya, siya'y muling tinatawag ng kanyang bisyo. Matapos noon, humingi siya ng tulong kay Hesus, "Hesus, tulungan N'yo ako!"..... at pumaloob siya sa isang Simbahan. Mula noon, hindi na siya binalikan ng mga alaala tungkol sa kanyang bisyo. Ang "Chasing the Dragon" ni Jackie Pullinger ay nagsasaad ng maraming salaysay ni Sam. Ang bawal na gamot ay isang bato-balani ni Satanas. Tanging si Hesus lamang ang pananggang laban sa mapang-akit na inpluwensiya ng Diablo.